



## XXX

### Dilim at Kaliwanagan

Walang kamalák-malák ang dalawang magkumparing humiwaláy sa karamihan, ay naniwan ng madlá. Patí si Ruperto, sa pagbalalay ng pangatawanan na sa bagong kakilalang ibini-bini, ay maanong nakaalaala pa sa kanyang bayaw at kay Delfin. Ang dalawa namang ito'y napasulong ng napasulong sa lakad na hinay-hinay. Halos di nakakapansí'y napasok na nila't nabaybáy ang dalawang susong hanay ng mga libingan, sampu na sa mga batang nasa likod ng sambahan. Nakawilihan nilang pagusapan ang tungkol sa pagkakapatáy ni Tikong kay Don Ramon. Ibinalita ni Felipe ang lahat ng kanyang mga nalaman sa bayaw na bagong-dating. At tungkol kay Ruperto'y hangang-hanga si Delfin sa mga nangyari at sa mga sinapit na kabuhayan.

—Nguni,—ang nawika kay Felipe—kahit sa gayong mga paraang pagkahirap-hirap ay ibig ko na rin ang palad ng bayaw mo. Mabuti pa siya't nakakita na ng ibang lupa. Ako'y tootong nananaghili. Kung noong araw na kabataan ko at kabinataan, ay may nakitang masasamahang isang maglalayag at maglalakbay sa ibang lupain, kahit na mababa pa sa alila, ay disin isiniksik ang katawan ko, at nang doon sana sa mga ibang bayan nakapag-aral ng lalong maraming katotohanan ng buhay. Sayang! Ako ang bagay na bagay, sapagkat ako'y ulila nang lubos. Dami ko dising natutuhan doon!

—Marami ka nga sanang natutuhan,—ang sagot ni Felipe—dapatwa't marahil namán ang naging damdamin mo at mga pananalig ay hindi na ang mga kasalukuyan ngayon. Sapagkat oh! ang nababago sa pilipino ng mga tawirang dagat na iyan!

—Nalaman mo, kasama, ang galing ng isang lumilisan sa kanyang bayan at dumadayo't nag-aaral sa ibang lupa, diyán sa mga lupang hirang pa hanga ngayong maging luklukan ng sibilisasyon o kabihasnán, ay nasa sa pagkuha roon ng mabubu-

ting ugali, karunungan at dilang bagay at nasa pag-uuwí rito sa kinágisnáng bayan, upáng máipunô sa m̄ga kabutihan pang pag-dárat-nán. Tikís na n̄gâ lamang na sa maraming kababayan nating nag-áaral ó nagsísidayong maglibót sa m̄ga ibáng lupáin, pagdatíng dito, ay kadalasan nang mákitang dí anhín na lamang nilá'y máitawíd at máihaliling buô ang Europa at Amérika sa Pilipinas. Nabábago ang kaniláng paningín: ang tingín sa lahát n̄g datnán dito'y masamá na.....

—Talagáng ganyán ang tinátawag na sibilisasyón—ang sambót ni Felipe.—Isáng pagtatagumpáy n̄g tuntunin ni Darwin. Ang maliliít ay kailan̄gang luluníng buô n̄g malalakí. Ang sibilisasyó'y parang alak; ang sibilisado'y parang lasíng. Habang lumálalâ ang pagka-sibilisado n̄g isáng bayan, lahi ó tao, ay lalò namáng kinákapitan n̄g m̄ga sugapà n̄g sibilisasyón. Ang tingín n̄g sibilisado ay pumípihit sa paligid-ligid niyá ang sangsinukob. Ang akalà niyá'y siyá ang lagíng nasa gitná. Ang ibig niyá'y siyá ang lapitan, siyá ang tapatán n̄g pintô n̄g langít n̄g dilang ginhawa at kapurihán, katulad n̄g isáng langóng gúgulong-gulong sa lansan̄gan, na sa pagpihit n̄g lupà, ay pahigáng nag-áantáy na magdaán sa tapát ang pintô n̄g kanyáng bahay, at kanawa-nawang itó'y lúluksuhín na lamang. Sa paglakad na pasuray-suray, kung nagháhanáp n̄g lugál na máhihimlayán n̄g katawán niyáng patâ, ay ang tinútun- tungáng lupà ang pinakamúmura at tinútun̄gayaw tuwíng mápa-pabalakíd ang paá: ang daán ang biníbigyán n̄g sala, na díkonó'y tagilíd at banlók-banlók, kayâ dí siyá makalakad n̄g matwíd, bago'y ang m̄ga paá niyá't tuhod ang nangán̄galóg, bago'y nasa katawán din niyá an̄g m̄ga kasamáan, hinà at buwáy. May pinag-ibhán pa ba riyán ang m̄ga bayang tinátawag na sibilisado n̄gayón?.. Ang kasabihán n̄g m̄ga manlalasing na: *ang di umt-inóm n̄g alak ay di nánakyát sa lañgít*, ay siyá na ring tuntunin at sáwikàin n̄gayón n̄g m̄ga sibilisado: *ang bayang hindi nag-úusig n̄g sibilisasyón ay hindi maári*, aniláng, *guminhawa*. Kung magsásabí ang m̄ga bayani n̄g sibilisasyón, ay tinútungali nilá ang m̄ga malabòng pátuntunang-isip at gánapang pananampalataya, bago'y silá ang una-unang nanúnuntón at umúulirán sa panakot na *dogma* n̄g Romanismo, na: *sa labás n̄g Pananampalatayang (ó Katipunang) Romano ay waláng pagkáligtás*..... M̄ga lasíng na pag-iisip! m̄ga bulók na kalooban! m̄ga palalò at masagwâng pag-ibig sa sarili!....

—Hindî birò, kaibigan—ang payo ni Delfín.—N̄guni't mapuntá akó ulí sa kapatíd ni Tentay. Anó ba namán sa tingín mo: ¿may nátutuhang mabubuting bagay sa m̄ga bayan niyáng nasapit?

—Sa tingín ko'y mayroón; bagamán hindi gaano, sapagká't anó pa ba namán ang iyóng maásahan sa isáng náparoón hindi sa tangkáng mag-aral na talagá, kundí upáng lamakí na sa paglilingkód sa isáng panginoón? Salamat at siyá'y naiwan na sa Kuba, kundí disin ay waláng-walá rin siyáng nápagkalak-háng dunong kundí ang magíng mabuting utusán, ó kung bagamá'y magíng magalíng na magdaragát. Dátapwâ, bukód sa nákita niyáng mġa kalakarán nġ pamumuhay at pamamayan unang-una, sa Italya at sa Barselona, doón sa Kuba ay nádilat nang dí kawasà ang kanyáng mġa matá sa mġa patibóng at atas nġ mġa pakikitungali sa buhay. Nátutuhan niyá roón ang dunong na lalòng mahalagá at kailanġan nġ tao: ang mákita bagá, máranasan at kasanayan ang mġa tunay na paraáng maranġál nġ paghahanap-buhay. Nápalipat siyá sa Estados Unidos, at bagamán doó'y naging isáng hamak na upahán din, isáng katawáng nagdúduro nġ lakás, ay marami ring nápagkitá at nátutuhan doóng pagkikilusán nġ mġa mangagawâ, at pag-aasal nġ mġa taong-bayan sa mayayaman at sa mġa pinunò. Sa aking akalà, ayon sa mġa bukás nġ pangunġusap ni Ruperto, siyá'y makákatuwáng na magitíng sa ating mġa panukalà; sa taya ko, siyá'y nakápag-iinóm din nġ mġa may-pulburáng alak na idinúdulot nġ mġa sosyalista at anarkista sa Barselona, sa Kuba, sa Kaliporniya, sa New-York, at sa ibá pang kanyáng naabót, sapagká't masikap siyáng magdádalo sa kaniláng mġa pulong at kilusán. Hindi ko pa lamang natátarók na mabuti; nġuni't maniwalà ka: isáng kasama na siyáng máibibilang natin.

—Ohó!... Salamat kung gayón!... Nġuni't tayná, tayo na sa ating pinangalingán. Dumídilím na at marahil kitá'y napag-iwan na nġ lahát.

Nang dumatíng silá roó'y walá na nġang tao. Patí nġ mġa naglálapat nġ takíp na bató, buhanġin at apog sa butas na pinaglibinġán kay Don Ramón, ay nakatapos at nakaalis na. Sa boóng Líbinga'y walá na siláng málingunán ni isá mang tao. Nġuni't nang tanawín ang pintúang malakí ay bukás pa. Waláng anó-anó'y salítáw sa dakong likód nilá ang isáng kawaní roóng maydalá-daláng malalakíng susi at dí man nagsásalitá'y waring ibig magsabi, na:

—Gabí na pô: magsásará na akó.

Nġuni't hindi pa man nakasásalitá itó, ay nahulàan na ni Delfín ang gayón.

—Hintáy muna, kaibigan,—anyá—at *amá* namin iyáng namatáy, kayâ kami nagpáhulí.

Bago inalók pa ni Felipe n̄g sigarilyo, at pagkakuha n̄g isá'y lumayô na namán.

\* \* \*

Sa harap n̄g bagong libíng, pagkápaisá n̄g dalawá, ay kapwà kusàng natigilan. Anaki'y binúbugabog n̄g maiitím na salagimsím ang kaniláng m̄ga gunam-gunam. Ang m̄ga ulo nilá'y nanglálakí. Ang m̄ga kilabot n̄g lamán ay nagsísilitáw. Ang m̄ga buhók at balahibo'y nagsisipánindigan at nangán̄galisag na katulad n̄g sa m̄ga nátatakot.

N̄guni't hindí takot ang sa kaniláng dalawá'y umáli nang m̄ga sandalíng iyón. Si Delfín at si Felipe, na hindí nagpápan-walá sa m̄ga abubot at pamahíng kasabihán na n̄g m̄ga han̄gál at duwág tungkól sa nangamámátáy na kagalít at tungkól sa m̄ga líbingan kapág gayón nang sumísibsíb, ay hindí mapaghá-hakàan n̄g gití man n̄g takot sa harap na iyón n̄g pinaglagakan kay Don Ramón. Waláng walá sa kanilá ang bagay na itó.

Ang nangyáyari sa dalawá ay isáng pagkapukaw n̄g lalòng malalalim na dili-dili. Ang boóng pinagdaanang buhay ni Don Ramón, na nápasadlák at sukat sa isáng hamak na guwáng n̄g bató, upáng doó'y lamunin n̄g panahón hangáng waláng mátirá kundí m̄ga buhók at kalansáy na lamang, ay naglikhá sa isipan n̄g magkatoto n̄g maraming m̄ga pagninilay. N̄guni't hindí iyáng m̄ga nilay-nilay na itinúturò n̄g isáng bulág na pananampalataya. Hindí iyáng m̄ga nagmúmulá at humáhangán sa kabiláng-buhay na táhanan n̄g m̄ga kálulwáng pinapagdúrusa ó pinalúluwalhatì, alinsunod sa m̄ga alamát n̄g Relihyón. At hindí rin, bagkús malayò at kakaibá sa m̄ga ipinagúgunitá sa isáng binyagan niyáng m̄ga larawang nag-úulat n̄g *Pagkamatáy n̄g BANÁL* at *Pagkamatáy n̄g MAKASALANAN*; na ang *makasalanan* sa paghihingalô ay ayaw tumingín sa mukhá n̄g Diyós na may tan̄gang isáng pamalòng kidlát: ipinanánangis n̄g anghél na katutubò: tinátabig niyá ang parìng nagpápakumpisál: niyáyakap sa dakong kaliwá ang dimonyo, na mayhawak namáng m̄ga supot n̄g salapí, larawan n̄g babayi at ibá pang m̄ga pang-akit sa kalupáan; n̄guni't ang *banál* ay masayang-masayá sa pagtangáp n̄g kamátayan, sa pagtitig sa Diyós na buká at payakáp ang m̄ga kamáy, sa pakikiulayaw sa anghél, na katutubò, habàng sa isáng tabí, sa isáng sulok, ay nagkákangbabalukol sa hiyâ ang dimonyo, na halos matunaw na sa m̄ga wisík n̄g *bendita* at sa m̄ga *bendisyón* n̄g parìng nangán̄garal. . . .

Ang m̄ga bagay na núnukaw sa gunitá n̄g dalawá, ay nagbúbuhat at náhihingíl sa buhay ding itó: m̄ga bagay na dí sa diwà lamang at sa m̄ga pangarap at guní-guní ná kikita, kundí sa

háyagan; m̄ga hayág, nádadamá n̄g pag-iisip, n̄g pangdamdám, n̄g kalooban at n̄g m̄ga matá, tayngá at kamáy.

Anó-anó ang m̄ga nagawâ ni Don Ramon, bago umabot sa gayóng hangán? at ¿saán-saán mápapauwî ang kanyáng m̄ga naiwan? Itó ang paláisipáng yumaníg sa kalooban ni Felipe at ni Delfín, na parang ikinádikit n̄g kaniláng m̄ga talampakan sa tinútuntungáng bató. Sa dalawáng tanóng na iyán ay násilid mandín ang lalòng mahahalagá at malalakíng paláisipán n̄g Sosyalismo, na kanilá kapwàng pinag-áaralan. At diyán din namán talagáng násasalig at nagpápaligid-ligid ang m̄ga paláisipáng lumíligalig n̄gayóng kasasalán sa lalòng mayayaman, bihasá at mataong m̄ga bayan.

Anó-anó ang bagay na ikátatangì n̄g m̄ga karapatán sa buhay n̄g isáng tao sa isáng kapwà-tao rin? Alín-alín ang m̄ga dahil na ipinagkákaroón sa m̄ga bayan n̄g m̄ga tao sa itaás at m̄ga tao sa ibabâ? Bákit may m̄ga nabúbuhay n̄g pasasà at may m̄ga nabúbuhay n̄g salát? Bákin karaniwang kun síno yaóng m̄ga hindí napaghíhirapán sa pag-gawâ, ay siyáng nangag-sísiyaman, at iyáng m̄ga nagpápakamatáy na halos, ay siyáng m̄ga parating nábabáon sa dálitá? Anó ang pinagmúmulán n̄g m̄ga kayamanan n̄g ílán, at anó ang naglílikhá n̄g m̄ga kahirapan n̄g marami? Bákit ang isáng taong nanaganà na sa ginhawa sa kanyáng buhay, ay nagkákaroón pa n̄g karapatán upáng bago mamatáy ay makapagpamana n̄g tinurang ginhawa sa kanyáng m̄ga anak, sa, ang kahulugán n̄g pananaganà niyáng iyón ay pananalát n̄g karamihang kapwà rin niyá at n̄g kanyáng m̄ga anak na maybuhay na kailangang buhayin? Hindí ba't ang anomán ay dí sa kangínomán, n̄guni't ang lahat ay sa lahat? . . . . .

Nábubulay-bulay ngá n̄g dalawá ang m̄ga paláisipáng itó, kayâ malaón-laón din siláng parang nangatubigan.

Dátapwâ't makalipas ang m̄ga pagkátigagal na yaón, ay si Delfín ang unang nakápagbuká n̄g bibíg.

—Kaibigan: nátatahimik na ang biyanán ko, at diwà'y hindí na marapat pa nating bagabagin. Sa pag-giliw kong matapát sa aking asawa, anománg kapulàáng masásabi ko sa kanyáng amá, ay natítimpí na sa aking dibdíb. Igalang natin ang m̄ga patáy! . . . .

—At anó?—ang pabigláng náitugón ni Felipe—¿isá pa ba tayong naparito upáng makitulad lamang doón sa tatlong hangál na matatandang nagtalumpati sa haráp n̄g kabaon, na waláng pinagsasabí kundí pawàng kabutihan na lamang n̄g ilílibíng? Sa akalà ko, Delfín, ay nakisama tayo rito, hindí sa pagsunód sa

mga karaniwang ugali lamang, na magluksâ, manalangin, manangis, magpuri at magbaon sa lupa ng isang taong patáy. May ibang kahulugan sa atin ang paglilibing na ito.

—Nalalaman ko.

—Kung gayon, ay ano ang ipingingimong mong ialaala sa mga katampalasan, kasakiman sa salapi, kalikután sa babayi, pagirang sa mahirap, at iba pa niyang mga kasamaan? Para sabihin ko sa iyó ang totoo, ipinagningitngit ko ang mga dating ugaling iyan na hindi palitan ng mga tao. Ang kamatayan ng isang tao, lubha pa't ng isang mayaman, ay isang makapal na aklát na mapag-áaralan ng maraming karunungan sa buhay. Sa aklát na iyá'y dapat na lahat ng masama ang itanghal, at huwag siyang ipaglim, sapagka't mapagkilala ng lahat ang kasaman, at mapag-isipan ng kaukulang panginilag: anopá't hindi na mapapamarisan.

—Hindi ako sang-ayon sa iyó;—ani Delfin—kung ang sabihin mo'y marapat itanghal ang mga gawang masama ng isang namatáy, upang huwag nang mapamarisan. Ang hilig ng tao sa masama ay malamang pa hanga ngayon. Kung siya mong ibubunyag, ay lalong dárami ang mamumulat sa masama. Kung ngayong pawang buti na ang inuulit-ulit na ipakilala ay kakaunti pa rin ang umuulirang magpakabuti, di lalo pa kung gawang masama ang sa kanilá'y iyong ipagpakilala? . . . . Ngunit kung ang wikain mo'y pagnuynuyin sa atin-atin lamang ang mga ginawang pamumuhay nitong si Don Ramon, upang mapaghanan ng mga aral na hingil sa Sosyalismo, akó'y naniniwala sa iyong marami nang magaling na bagay na matututuhan ang isang bayan sa bawat pagkamatáy ng isa niyang mayaman.

—Oo nga: at bawat isang Don Ramon mawala sa lupa, ay isang tanikalang bakal na nalagot sa pagkakabigbis ng mga paá at liig ng pu-pung alipin at libo-libong mangagawa. Hindi gaya ng akala ng mga ito, na sa pagkamatáy na iyan, ay nawawalán sila ng mangbubuhay.

—Ganyan na nga ang isipan ng mga taong di nakaabot ng tunay na uri at halaga ng Pag-gawa. Gumagawa sila na ang akala'y may-utang na loob pa sa ginagawaan. At ang mga nagpawagawa namán, ay nagpapalagay na sila ang nagbibigay-buhay sa mga mangagawa. Paano'y hindi nila talos na ang Puhuna'y isang kasangkapan lamang, at ang Pag-gawa'y siya ring pinagmumulan ng tinurang puhunan. Sa makatwid, ay ang mga mangagawa ang dapat kilalanan ng utang na loob ng mga nagsisiyaman sa pamumuhunan, bago ang mga ito ang kilalanan ng mga iyon.

—Oh, kaibigang Delfín! Dahil sa násabi mong iyán, ay naalaala ko na namán ang kalágayan n̄ m̄ga alilà at kasamá ni tatay sa aming bayan. Ang palagáy nilá sa tatay ko ay “Diyós” na. Kayâ pag namatáy siyá, ay parang namatayán na marahil n̄ “Diyós” ang m̄ga kahabág-habág na taong iyón.

—Wikà ko namán sa iyóng mamatáy man ang m̄ga Don Ramón at m̄ga kápítang Loloy natin, ay waláng kapakanáng mapapalâ ang ating m̄ga marálitâ. Hangáng iyáng karapatán n̄ isáng magulang na makapagpamana sa m̄ga anak n̄ kanyáng yaman at kapangyarihan ay hindí nabábago sa m̄ga kautusáng sinúsunód ngayón, asahan mo’t waláng mangyáyari, kundí hálinhinan lamang n̄ panginoón.

—Ay kung kaparis nating tayo ang kusàng lumálayô sa mana: ikáw ó kayóng mag-asawa sa iyóng biyanán, at akó sa aking amá?—ang náitanóng ni Felipe.

—Hindí lahát n̄ anak ay mayroón n̄ m̄ga paniniwalà at pagkukuròng paris natin. Sa bawà’t sanglibong anak n̄ mayayaman, ay hindí ka makakápulô n̄ dalawá ó isáng maylikás at kusàng pag-ayáw sa pamana n̄ nangásabing magulang. Parapara siláng nag-áantáy n̄ kapalaran n̄ mahigít sa pag-asa n̄ isáng pag-aantáy sa tamà ó panalunan n̄ mánunugál na tumayá n̄ tawag lamang sa isáng sugál, dahil sa násubukan ang dayà: anopá’t waláng puhunan, n̄guni’t malamáng ang pananalo kaysa pagkatalo. Ang m̄ga pagtangí natin ay tátawagin ngayóng kaululán, kahanḡalán at kasiráán n̄ baít; at tayo’y tátawagin niláng m̄ga ulól, hanḡal at m̄ga batàng úlian. Ang masamáng pagkáwatas sa m̄ga saláwikáing: “ang tumátangí sa *gracia*, nilálabúan n̄ matá” at “bayabas mang bubót, *gracia* rin n̄ Diyós,” at yaóng saláwikáin n̄ m̄ga kastilàng *dame pany llámame tonto*, ay siyá pang nagháhari sa kalooban n̄ tanáng anak na may ináasahang manahin at sukat, pagkamatáy n̄ kaniláng m̄ga magulang. Hindí ang m̄ga tao ngayón, ang makatátatap at makagáganáp n̄ ating m̄ga pinaniniwalàan at sinúsunód. Maraming araw pa muna ang kailanḡang lumubóg, at marami pang gabí ang áantayín nating makalipas, bago mamanaag at sumikat ang ganáng araw natin. Kailanḡang halinhán muna ang m̄ga kasalukuyang álituntunin n̄ m̄ga pagsasamahán sa pamamayan, sa pamumuhay, sa pagmamag-anak, sa pananampalataya at sa m̄ga pag-aasal n̄ ating bayan, bago mapasikat sa boḡng kaliwanagan ang araw n̄ ating m̄ga pananalig sa isáng bagong-bayan ó pagsasamahán n̄ m̄ga tao. Tayo ang nakatátalós n̄ m̄ga ganyáng kasamáan, tayo ang manḡilag at huwág gumawâ. Tayo ang m̄ga nanánalig, tayo ang tumalima ó sumubok man lamang sa pinanánaligan. Kayâ akó, ngayóng

dahil sa paglilibíng na itó sa aking biyaná'y tila nagkakásundô na namán ang magkakapatíd niná Meni at kamíng magbabayáw. . . akó, ay walâ kundí isáng kalooban, isáng salitâ at isáng gawâng nálalaán sa dapat manahin n̄g aking asawa. Si Meni ay naní-niwalâ na at sumúsunód namán sa aking lubós na lubós sa bagay na iyán. At ang pasyá ko'y alám mo na rin: hindi akó magháhabol ni makíkipagkagalít kiná Madláng-layon dahil sa salapíng hindi namin kapwâ pinagpaguran. Kamíng mag-asawa ay maysálitâan nang, pagkatapos n̄g líbingang itó at pagdatíng n̄g araw na itátawag n̄g m̄ga húkuman sa m̄ga anak ni Don Ramóng dapat magmana, ay hindi kami háharáp at magháhabol. Bábayàan naming magpasasà siná Talià hangáng ibig nilá sa dí kákauntíng salapíng iyón, huwág lamang máturang akó'y yumaman sa mana. May araw ring sísigawán silá n̄g kaniláng gunam-gunam sa ganyáng gawâ, at hárinangâng ang m̄ga salapí nilá'y mátuuhan ding ilagáy, balang-araw, sa m̄ga bagay na sukat pakinabangán n̄g kalahatán at dí nilá lamang. Sa ganáng akin, kaibigang Felipe, ay tinátangáp ko sa n̄gayón n̄g patun̄gó ang tawag sa ating tayo'y *mapañgarpín*, m̄ga pahát at m̄ga *busabus* n̄g isáng guní-guníng gumágawâ at umáasa sa *wala*. Tátangapín ko rin ang itátawag sa aming mag-asawa, lalò na sa akin, na kami'y m̄ga *ulól*, *hindi marunong* sa pagka-*buhay* at ibá't ibá pang pangalang waláng pagsala'y ikákapit sa amin n̄g madlá sa ginágawâ at gágawíng itó. N̄guni't anó ang kailan̄gan? Malinis ang gunam-gunam ko sa pagtupád n̄g matwíd. Patawarin natin ang m̄ga tátawag sa atin n̄g ganyán, pagká't hindi nilá natátalós kung anó ang kaniláng sinásalitâ. . . . Dáratíng din ang ganáng panahón nating iká-kikilalang tayo ang maykatwiran!

—Dáratíng!—ang badyá n̄g kausap— n̄guni't kailán pa? . . . . kung pumutí na ang uwák? kung umitím na ang tagák? kung may lalaking man̄ganák? . . . . .

—Akó ma'y iníp na rin, Felipe. Ang damdám ko ba'y marami nang uban yaring kabatàan pa n̄g aking buhók sa panonoód at pagn̄gingitn̄gít sa m̄ga nákitang pálakarán n̄gayón n̄g pagsasamahán n̄g m̄ga tao rito sa atin. Maykatwiran tayo sa pagkainíp. Sapagká't ang kahulugán n̄g ating m̄ga nákitita n̄gayóng kaapihán n̄g m̄ga mahihinà at mahihirap, ay daándaan nang taóng paglupig at pagpapasasà n̄g m̄ga maypuhunan, n̄g m̄ga pámunuán at n̄g m̄ga panginoóng sa ibabáw n̄g kaniláng hinà at hirap ay nátatág at nakapangyari. N̄guni, anó ang kaniláng magágawâ, kaibigan? Sa mandín ko'y dádalá-dalawá pa tayong nagmámatigás-loób at dí na nabábalisa sa pagtangáp n̄g tawag na ulól at m̄ga batàng-úlian. Hindi natin mapadá-



dalí ang gabí ni mapalúluwát ang araw. Walá pa sa kamáy n̄g tao ó natin, ang bagay na iyán. Ang m̄ga bayan at ang m̄ga tao, katulad n̄g lahát n̄g bagay, ay may m̄ga katutubòng hilig at lakad na dí maáaring baguhin ó sugpúin sa iláng araw lamang.

—At bákit hindi?—ani Filipeng ang matá'y nápapadilat—  
Ang lahát ay naigígibâ n̄g isáng *Rebolusyón!*

—Oo n̄gâ; n̄guni't ang *Rebolusyón* ay hindi nangyáyari hangáng hindi nakaráraos ang *Ebolusyón*. Ang isáng paghihimagsík ay ginágawâ ó nagágawâ n̄g m̄ga bayan kun totoóng busóg na sa pagtitiís. Ang kabusugán sa pagtitiís ay hindi náraramdamán n̄g ibá kundí n̄g nabúbusóg din. Ang pagkáraramdám ay isinísigáw din n̄g nakakáramdám at dí n̄g m̄ga nanónoód lamang. Ang pagsigáw ay kasa báy na n̄g paghihimagsík. Sa makatwíd, ay ang bayang marálitâ rin nating nahíhirapan angkailan̄gang sumigáw na siyá'y totoóng busóg na sa m̄ga tísin. Akalain mong ang tubig ay dí bumúbubô, hindi bumábahâ sa m̄ga kababàan at dí nagwáwalat at kumákaladkád n̄g bawà't máraanán, hangáng hindi muna napúpunô ang m̄ga guwáng ó bahay-tubig sa m̄ga kabundukan. Kapág apaw at punô na, ang tubig na dating mahinay sa pagdaloy at sa pag-agos, ay nagiging bakal na pangwasák at pang-gibâ n̄g lalòng matitibay na katalatagán.

—Kayâ n̄gâ ba ang sabi ko sa iyó—ang paklí ni Felipe—ay panahón na n̄gayón n̄g ating *Rebolusyón sosyal*, sapagká't sa akalà ko'y punô na sa pagtitiís ang ating m̄ga marálitâ.

—Hindi pa marahil, sapagká't hindi pa nagsísikilos n̄g kusà: hindi pa sumísigáw sa kanilá ring bibíg. Nan̄gángailan̄gan pa n̄g m̄ga pakakak at tambuling pamukaw. Nagkákailan̄gan pa n̄g m̄ga taong-hirang, n̄g m̄ga bayaning taga-akay, taga-sulsól at úliranín. Ang m̄ga mangagawâ natin, ang m̄ga kasamá, ang m̄ga alipin at ang lahát na n̄g nagpápaupá, ay talagáng hindi pa nan̄gáipit at naráraganán n̄g totoóng bigát n̄g kahirapan. Kung m̄ga ipít at putót nang totoó sana silá, disin walá nang m̄ga pakakak na kákailan̄ganin pa, upáng magsibalikwás at magsitiplád sa ilalim, at nang sa ganitó'y man̄gápailándáng at bumagók sa lupà, hangáng man̄gadurog, ang nakakáragán sa kaniláng m̄ga mámumuhunán at panginoón.

—At ang m̄ga pámunuán, idugtóng mo—ang isinambót ni Felipe.—Sapagká't ang tunay na *Rebolusyón sosyal* na dapat mangyari rito at saán pa man, ay iyáng maggúguhô sa lahát n̄g m̄ga kapangyarihang makagágambalà sa pagkaganáp n̄g tunay at katutubòng kalayàan n̄g m̄ga tao. Anó ang mápapalâ mong ginhawa, sa iyóng pagka-marálitâ n̄gayón, mawalâ man ang puhunan sa kamáy n̄g íláng lintâ, mawalâ man ang m̄ga taong hindi mabuhay kundí sa pag-uutos at pang-aalipin, kung

may mátitirá pang m̄ga hirang na taong magpápangáp na taga-pangasiwà n̄g bayan, iláng m̄ga taong háhawák n̄g kapangyarihan upáng sundín-sundín n̄g karamihan? Kapág ang Sosyalismo mo ang siyá nating pangángatawanán lamang, ay lalò tayong mápapa bulusok sa bangín n̄g pagkasawí. Papaano'y mapí-pisan ang puhunan, ang m̄ga lupà, ang m̄ga kasangkapan, ang kapangyarihan sa ísáng kamáy lamang: isáng kamáy n̄g Estado, ó sa malinaw na't tápatang sabi, ay sa kamáy n̄g pámunuán.

—Huwág mong ipagkámali, kaibigan, ang kahulugán n̄g pámunuán sa pángasiwàán—ipinutol ni Delfín.—Sa *sosyedad* ó pagsasamaháng hináhakà ko, ay hindi pámunuán ang mátitirá: itó'y mawáwalâ at ang mátatatág ay isáng katipunan n̄g m̄ga taga-pangasiwa lamang n̄g madláng kailanġan sa pamumuhay n̄g m̄ga taong-bayan.

—Bah! anó ang kasaysayan n̄g pagkakáiba n̄g n̄galan! Tawagín mo man ang katipunang iyán n̄g m̄ga taong-pili, na pámunuán ó pangasiwàán, ang kahulugán niyá'y *kapangyarihan* din n̄g íláng tao sa karamihang tao rin. Sa akin, alinmáng kapangyarihan n̄g ibá sa ibá ay dapat iguhô. Ang sarili lamang ang dapat makapangyari sa sarili. . . . .

Si Delfín ay nápatawá-tawá, at sakâ kasabáy sa pag-ilíng ang pagbubukás n̄g m̄ga salitáng itó:

—Oh, Felipe, Felipe! . . . Hindi kitá tinútutulan sa m̄ga sinásabi mong iyán; sapagká't isá akó sa m̄ga nagpápalagáy na waláng pangangátwirang bukál sa budhí na masamá; at bantád na rin akó sa paniniwalàng may m̄ga bagay na dí naábót n̄g isip kahapon, n̄guni't palasak na palasak ngayón, at may m̄ga talinghagà, pangarap at balintunà ngayón, na bukas-makalawá'y maliwanag pa sa araw na magkakátotoó at magiging matwíd. Dátapwá't úulitin ko sa iyó ang aking paniniwalà na hindi pa araw itó n̄g ganáp na *Rebolusyón*. Ang buhay n̄g m̄ga lahi, ang lakad n̄g m̄ga bayan, ay nagdáraán sa tatlóng baytang n̄g panahón: una, ang panahóng lahat ay iniáasa at iniúukol n̄g tao sa Maylikhá; ikalawá, ang panahóng lahat ay ipiníntuhò at kiníkilalang utang sa m̄ga Bayani; at ikatló, ang panahóng lahat ay kiníkilalang galing at dapat mápauwí sa Lahát. Iangkáp mo sa ating lahi at bayan ang tatlóng baytang na iyán, at mákikita mong ísá pa ang ating nalálampasán. Kasalukuyan pa tayong nagtú-tuntóng sa pangalawá n̄g ísáng paá, habang dí pa naángát ang isá sa una.

—At anó?—ang mapusók na tanóng ni Felipe.

Walâ sa loób, ay nápasandál si Felipe sa isáng na sa likód niyáng malakí, pantáy-pigi at lagayláy na sangá n̄g isáng punò n̄g kalasutse. Tila umanyô pang magsalitâ n̄g matagál. Sa-

matala namá'y hindí nagbábago si Delfín sa pagkakátayô, ô tuminag ma'y lumapít-lapít lamang sa isá, at ang mukhá'y pabulagà't na kawanġis nġ isáng may imáantáy na mahalagáng sagót sa kausap.

—Tignán mo't dingín ang ating matatandâ,—ipinagpatuloy nġ mánunulat—at dí ang mġa matandâ lamang, kundí ang mġa kasibulan ma't kabatàang hindí pa nakakákilala nġ bagong panahón. Lahát nġ nangyáyari sa loób at labás nġ lupà, sa buhay nilá ó sa buhay nġ ibá, lubhá pa iyáng mġa bagay na hindí maabót nġ kaniláng maiklġng pag-iisip, ay ipinalálagáy na pawàng *talagá nġ Diyós*. Kamátayan ó kabuhayan, pagkasawí ó pagkakapalad, sakunâ ó ligaya, pangyayari ó dí pangyayari, masamá ó magalġng, sa ganáng kanilá'y pulós na kaloób nġ Diyós. Bálana'y ipinagpápasalamat sa Diyós. Na ang isáng iná, halimbawà, ay pinagkasaktán nġ anak? Dangá't dito'y maylikás siyáng pagmamahál, kundí sana'y hindí máiisipan ni ipagamót, sapagká't ang sakít ay bigáy nġ Diyós; gamutín ó sapàin ang sakít na itó'y isáng pagmamarunóng pa sa Diyós; dí man gamutí'y gágalġng, kung talagá nġ Diyós; gamutín ma'y mamámatáy din kung ibig nġ Diyós; at kayá namatáy ay sapagká't niloób na nġ Diyós. . . . Yaóng turò at halimbawàng iminulat sa kanilá nġ pananampalataya, na *hindí malálagas ang isáng dahon nġ kahoy kundi pa tadhana nġ Langit*, ay tuntuning laganap pa hangá ngayón sa marami. Mġa nunò at mġa iná ang karaniwang maytagláy nġ ganitóng pananalig. Silá pa namáng nagpámulat at nag-álagà sa mġa batàng súsunód sa pamamayan! Hindí mo mapalílipas nġ ngayón-ngayón lamang ang mġa kapaniwaláang iyán. Kákauntí pa ang mġa lalaki at pahát pa ang mġa kabatàan nating nagkúkurò na't nagpápalagáy, na, kayá nalálagas ang isáng dahon nġ kahoy ay hindí sapagká't binungô na nġ kamáy nġ Diyós, kundí dahil sa ó tuyô nang talagá sa tangkáy, ó inabot itó nġ isáng lakás na mahigít sa kanyáng tibay. Bíbihirà pa ang mġa nakapag-íisip, na, iyáng mġa waláng bigóng kilos na dí mapagsa talagá nġ Langit, ay siyáng mġa lalòng lapastangán sa Diyós; sapagká't itóng Diyós ding itóng sinásampalatayanan niláng mulá at hangá, at siyáng ganáp na kabuôán nġ lahát nġ buti, ay ipinalálagáy nilá ring gumágawâ nġ dí mabuti: pumápatáy nġ mġa anak na mahál, nagtútulot nġ mġa gutom, nagwáwaláng bahalà sa mġa digmâan, naghúhulog nġ mġa salot, nagbíbigáy sa tao nġ mġa tísing hirap, nakaátím na magluwát ang pang-aapí nġ ílán sa marami, at nġ ibá't ibá pang kasamáang dumáranas sa ating buhay. Gayón ma'y masásabi nating ang mġa pananampalatayang yaó'y buntót na lamang nġ Kahapon. Ngayón nġá'y nakatuntóng na ang isáng paá natin sa ikalawáng



*Wala sa loób, ay nápasandál si Felipe sa isáng na sa likód niyáng malaki, pantay-pigi at lagayláy na sañgá ñg isáng puno ng Kalasutse.*



baytang: sa panahón ng mga Bayani. Ang pagka-ganáp ng mga katutubò nating matwíd, ang pagkatubós ng ating bayan sa kaalipnán, ang kalayàan sa pag-iisip, sa pananalitá at sa paggawâ, ang pagtatamó ng malalakíng ginhawa sa pamamayan at sa pamumuhay, ay hindi na pulós at lubós na sa Bathalàng Maykapál natin ipinamímintuhò at iniáasa, kundí sa mga hirang namáng tao, diyán sa iláng mga tangìng kapwà tao natin, na may kadakilàan na rin ó pagka-diyós. Sa halimbawà, ang ating mga José Rizal, ang ating mga Andrés Bonifacio. Ang mga ganitóng tao namán ang nátututuhan nating sambahín ngayón at sampalatayanan, sapagká't náikikita na at nádadamá ang mga kapakinabangán ng bayan sa kaniláng mga ginawâ, na dí magágawâ ng karamihan. Silá ang mga taong-"diyós" na nápipilì ng Kalikasán ó Katalagahán (Dios-Naturaleza), upáng bumago ó magpadalì ng mga katamtamang lakad at kilos ng mga bayan. Silá ang mga bagyó na lumálagas sa mga dahong dí pa natútuyúán ng tangkáy; mga lindól na yumáyaníg at naggúguhò sa lalòng mapapalalòng bahay; mga bahâ ng tubig na pumápalanas sa mga másagasàan; mga apóy na pumúpugnaw at umáabó sa lahat ng mápag-itingán. Ang mga Bayani ay siyáng balitâ ng mga paghihimagsík ng bayan. Bawâ't paghihimagsík ay tandâ ng maraming kabaguhan. Nguni't hindi lahat ng paghihimagsík ay ganáp nang katúbusan. Gaya ng ginawâ natin dito laban sa pámunuáng kastilâ, hangá ngayón ay hindi pa natin lubós na nápakinabangán, at nápakinabangán ma'y hindi sa lahat ng ating pangangailangán. Ang pagkakápaghihimagsík na iyán ng bayang pilipino, ay matátawag lamang na *Rebolusyón polítika*, ó ukol sa kapamayanán. Itó ang unang kináuuwian ng mga pangaral at udyók ni Bayaning Rizal. At bagamán ang *Katipunan* ni Bayaning Bonifacio ay maykahalò nang mga adhikáng-sosyalista; dátapwâ't sa mga nangyari, ay walâ pa tayong masásabing pagkaganáp dito ng isáng Rebolusyón sosyal. Kung bagá man, ay mga gití pa lamang. Sa pagkukurò ko'y nangangailangán pa ng maraming Bayani ang ating bayang marálitâ upáng mapukaw sa pagkakágupiling. Kung magkaganitó, iyán, sakâ natin masásabing nasa pangalawáng baytang na ang dalawáng paá ng ating bayan. Súsunód na rito ang paghakdâw sa ikatló, at ang hakdâw na itó ang siyáng tunay nang Rebolusyón sosyal.....

☐ —At pagkatapos?—ang ipinatlang ni Felipe.

—Pagkatapos..... náriyán na, katoto, ang hangá ngayó'y pinag-áagam-agam ko... Dapat ko sanang asahan ang pagkaganáp ng sa pangatlóng panahóng sa iyó'y aking sinabi. Sa makatwíd bagá'y hindi na ngâ magiging fisá ang Diyós na pinaní-

niwalàan nating mulá't hangá nã lahát nã bagay, hindî na filán ang m̃ga Bayani na bumábago at nagpápadalí nã m̃ga sadyâng lakad nã Katalagahán; kundî ang lahát na'y diyós, ang lahát na'y bayani, ang lahát nã tao'y pawà nang TAONG-BAYANING-BATHALA, na walâ nang pópooníng sarili, ni ibá, ni isá, ni ilán, kundî ang SANGKATAUHAN. Sa katagâng sabi: nakaráan na disin tayo sa tatlong baytang nã m̃ga hirap, na makákapitan nã kaní-kanyáng pamagát na: panahóng *maka-BATHALA*, panahóng *maka-BAYANI* at panahóng *maka-SANGKATAUHAN*. . . . Nguni. . . dátapwâ . . . .

Si Delfín ay nápapailíng-ilíng sa pagbubuntót nã m̃ga paklí sa kanyá ring kasásabi pa. Sa gayó'y nápabulalás sa bibíg nã mainit na kausap ang tanóng na:

—At anó ang ináalalaala mo? hindî nã ba totoó iyán?

—Kaibigan: madilím na tayo rito. Yaóng tao'y iníp na sa atin marahil.

—Hú! hindî pa; hindî pa—ang mapilíng tutol ni Felipe.—Anóng *dátapwa* ang ibig mong sabihin?

—Unang una, ay naníniwalà akó sa sabi rin nã anarkistang si Grave. Ang Rebolusyón sosyal na wáwalís nã totóhanan sa lahát nã m̃ga samá nã kasalukuyang pagkakátatág nã Katauhan, ay hindî magágawâ nã íisá ó íiláng bayan lamang. Kailangang lumaganap muna sa lahát ang lubós na pagkákilala sa m̃ga karapatán nã tao at m̃ga bayan, gaya nã pagkakálaganap sa lahát nã lupà nã gawâng pagtitiís at pagdarálitâ. Kailangang mangáhandâ munang para-para sa pagtangáp nã *bagong-araw* upáng kanawa-nawang sa pagsikat nitó ang m̃ga matá nilá'y dí masilaw. Itóng bayan nati'y isá sa m̃ga hulíng kumilos sa bagay na iyán. At sa likód nati'y kay-rami-rami pa nã m̃ga bayan sa Asya, sa Aprika at dito man sa Oseanyá, na dí pa nabábanaagan man lamang at nagkákabalitâ sa pagdatíng nã tinurang araw. Sa bayan niná Fourrier, niná Owen, niná Marx, niná Kropotkine, niná George at ibá pang m̃ga taga-pamalitâ nã “Reforma Social”, ay malaon nang náahasík ang adhikâ nã Sosyalismo, at utang na sa kanilá ang maraming m̃ga kabaguhang ikinátatanã nitóng Siglo XX sa m̃ga panahóng lumipas. Ang sigáw nã katwiran nã m̃ga marálitâ ay nápagpúpugayan na ring madalás nã m̃ga lalòng matataás na kapulungán at pámunúáng bayan, salamat sa m̃ga nasabing *Apostol* nã m̃ga bagong panukalâ, na bago nangamatáy ay nakapag-iwan muna nã mahahalagá at matitibay na aklát na pang-gibâ sa matatandâ at kasalukuyang m̃ga paníniwalà tungkól sa uri nã m̃ga tao at sa buhay nã m̃ga bayan.

—At salamat sa m̃ga *bomba-anarkista*, salamat sa m̃ga Angiolillo, sa m̃ga Pallás. Czolgotz, Luisa Mitchell at iba pang m̃ga *martir* nã *Anarkismo*—idinugtóng ni Felipe nã boóng siglá

n̄ loób.—Sapagká't ang m̄ga *dinamita*, kilalani't hindi n̄ m̄ga pámunuán, ay siyáng mahigpít sa lahát n̄ pantulíg sa m̄ga maykapangyarihan, sa m̄ga hari, sa m̄ga mayayamang waláng kálulwá, upáng man̄gabalíd sa kaitaasan, at siyá rin namáng pinakamalakás na pangpukaw sa m̄ga bayang nágugupiling pa sa ibabá. Kung naíibá-ibá na ngayón ang m̄ga palakad at pag-uugalì n̄ m̄ga hari, n̄ m̄ga punò at sampû n̄ m̄ga mámumuhunán, ay utang na malakí sa m̄ga martir na iyán. Kailan na lamang ang Anarkismo; n̄guni't kayrami na n̄ m̄ga martir niyá. Ang isáng panukalàng niyáyapós at pinamúmuhunanan n̄ buhay, ang isáng pananalig na itinátangáp na malwalhati n̄ *Martirio* n̄ maraming nagsísipanalig, ay hindi magkákabulàng isáng panukalà at pananalig na nátutuntón sa lalòng katwiran, at siyáng masásabing tunay na *Relihyón* n̄ katotóhanan....

—Huwág mong sabihin iyán, kasama. Ang n̄galang pamumuhunan n̄ libo-libo mang buhay, ang pagtangáp n̄ martiryo, ay hindi tandâ nang dí nagkákabulà n̄ pagka-matwíd at pagka-totoó n̄ isáng panukalà't pananalig. Ang lahát dito sa lupà'y nangyáyari n̄ ayon sa kaniláng m̄ga kakanyahán. At ang pangyayari'y nagkákaroón n̄ kulay na ayon sa salamíng sa kanyá'y isinísipat. May dárami pa bang *martir* sa Relihyón Katólíka Apostólíka Romana? Dátapwâ't tingnán mo't pagkaraan n̄ panahón n̄ tinurang Relihyón, ngayón ay marami nang dí sapalà ang nagpápasinun̄galing sa kanyáng ibinábanság na katotóhanan at pagka-dakilà sa ibabaw n̄ m̄ga ibáng pananam-palataya. Hindi ba't ang pagsasangaláng n̄ isáng bayal sa kanyáng lupà, pámunuán, m̄ga pag-aari at karapatán laban sa ibá, ay tinátawag na kagitingán ó *patriotismo*? Hindi ba't sa tulak at halina n̄ *patriotismo*, ay yutà-yutà at an̄gaw-an̄gaw pa ang m̄ga nagsísisuóng na tao sa pakikidigmâ sa kalaban at nan̄gá-úutás sa pagka-bayani ó pagka-martir din? N̄guni't ikáw na ang makapagsásabi n̄ m̄ga nábasa mong pulà n̄ m̄ga mánunulat na anarkista sa *patriotismo*. Ikáw na ang umalaala n̄ kaniláng m̄ga sinásabi laban sa m̄ga pámunuáng nagtátatág n̄ hukbóng maipápain sa pagtatangól n̄ kaniláng kapangyarihan at sa pagliligtás n̄ m̄ga pag-aari at kapanatagán n̄ mayayaman. Sa makatwíd bagá, makarami man n̄ martir ang Anarkismo, ay hindi sukat ikápagpalagáy nang siyá ang tunay at tangìng katotóhanan.

—N̄guni,—ang paklí n̄ manlilimbág—ang m̄ga anarkista sa gawâ (hindi ang m̄ga sa salitâ, ó sa panulat lamang), ay hindi mo maipáparis ni sa m̄ga kampón n̄ Relihyón, ni sa m̄ga kawal n̄ Hukbó, na sa pagtangáp n̄ m̄ga pahirap at kamátayan sa lupít n̄ m̄ga kaaway, ay nagkákapamagát na m̄ga *martir*. Ang



mga kampón ng relihyón ay tumatangáp ng martiryo dahil sa pananampalataya (*fé*). Ang mga kawal ng Hukbó, ay dahil sa kaupahán at sa takot sa parusang-militar. Dátapwâ't ang mga anarkista'y dahil sa isáng ganáp na pananalig (*convicción*). Ibá ang manalig sa manampalataya at sa matakot.

—Sabihin mo na ang ibig mong sabihin:—ang giít ni Delfín—kailán man iyáng paraáng mayhalòng bubô ng dugô, ay hindi dapat gamitin ng isáng panukalàng naglálasyon ng ganáp na pagmamáhalan ng magkakapwà-tao.

—Tanġi-tanġi lamang ang tinátabás ng anarkista: iyán lamang mga halamag umúulós ng pagtubò sa likód, mga balikat at ulo ng mga apíng marálitá.

—Kahì't na, sapagká't buhay....

—Buhay!... Diyatà't sa manġilán-nġiláng buhay na násisingíl ng mga anarkista, ganyán na ang pagkapoót ng mga pámunuán sa Anarkismo? Gaano kayá namán ang pagkapoót na dapat taglayín ng anarkista sa mga pámunuáng iyán, na araw-araw ay may-roót mayroóng pinarúrusahan, ipinabíbitay ó ipinápain sa mga digmá, na hindi daán-daán lamang buhay, kundí libo-libo at yutà-yutà?

—Oo na ngâ;—ipinayo ni Delfín—dátapwâ't ang mga kita mo nang nagkakásala'y siyá pang úuliranín?

—Ah! sapagká't sa tibay ay lakás lamang ang makapag-gúguhô. Sa kapangyarihan ay kamátayan lamang ang makasúsupil. Kayá ang mga hari, ang mga pangulo, ang mga punò ay sinúsunód ng buô-buông bayan, ay sapagká't mayhawak siláng lakás ng kapangyarihan: makapagpáparusa sa sumúsuwáy. Kayá makunat baguhin ang masamáng samahán ngayón ng sangbá-sangbayanán, ay dahil sa pagmamatigás ng mga pámunuán. Sa araw na malipol na ang mga hari-hari at mga punò-punò, at sa araw na mátutuhang tangihán ng mátigasan ng mga taong-bayan ang pagbuwís, ang paglilingkód sa hukbó, ang dí pagkilala at pagsunód sa utos ng mga pámunuán, ay iyán na ang araw ng pagkáguhô ng mga gayóng kapangyarihan. Paano'y walá nang magbíbigáy-lakás sa mga pámunuáng násabi.

—Oo, náriyán na akó rin sa sinásabi mo—ang paanód na sagót pa ni Delfín.—Dátapwâ, unang-una ay hindi pa dáratíng ang araw na iyán kung búbukas lamang, lalòng-lalò na rito sa atin. Ikalawá, ay imatútulusan mo na ba ang káhahanganán ng magigíng lagáy ng Sangkatauhan, kung mawalá nang lahát ang mga hari, pangulo, punò at pámunuáng iyán?

—Bákit hindi? Sa mabuting binhí, mabuting bunġa; sa matabâng lupà, magalíng na ani. Kung mápunta na ang mara-

ranġál na adhikâ nġ isáng *Anarkiyá* sa isáng panahóng walá na nġ mġa sukal nġayóng nakapípinsalà sa malayàng pagbuhay nġ pananím, ay ñanó pa ang maásahan natin kundí masaganà at matimyás na bunġang kaayaaya at káranġál-danġalang pagsasamaháng patas-patas nġ mġa tao?

—At kung matapos na ang kalágayang iyán, ñanó namán, sa akalà mo, ang súsunód?

—Anó't matátapos pa? Magpápatuloy na nġ pabutí pa nġ pabutí at dí na sásamâ.

—Hindí na sásamâ!—ang náisambót ni Delfíng nápadaóp-kamay.—Maghunos-dilì katá, Ipéng! Kailán ma't dárating sa ganyán ang aking pagkukurò-kurò tungkól sa mġa kasamán nang kapamuhayang itó, at sa bagong sukat na mápalít, akó'y nábabalakíd din sa agam-agam. Ang kasaysayan ó istorya nġ Sangkatauhan, mulá sa mġa kátandâ-tandâang bayan, hangáng sa mġa kasibulan nġayón, ay nagsásáád nġ mġa lakad niláng pa uróng-sulong at mátaás-mábabâ sa kapamuhayan. Sa kanilá'y mistulang naganáp at nagáganáp iyáng mġa nangyáyari at ná-kikita natin araw-araw sa mġa halaman. Nagmúmulá sa isáng butil; itó, sa katás at singáw nġ lupà ay namámagâ, pumúputók ang balok, nilálabasán nġ tubòng paibabáw, samantalang nagúugát nġ pailalím; umúunlád, sumísibol, lumálakí, nagbúbukó, nagsásanġá, nagdaráhon, namúmulaklák, nagbúbuko, namúmunġa; nagbúbutó ang bunġa, gumúgulang, nahíhinóg; ináani ó natútuyót at nalálagas na kusà. . . . Sa hangán dito, ang halamang iyán, málaó't mádalí ay náuuwí sa kabulukán, natútugnás at nábabalik sa lupà, tulóy nagiging ibáng bagay namán; samantalang ang mġa butó nġ kanyáng ibinunġa, ay siyá namáng mangábibinhí at pangyáyarihan nġ gayón ding kabuhayan. Maáaring sa bisà nġ mġa alagà, ay magpakálagô-lagô siyá, kumapál at tagalán nġ matagál na matagál na buhay. Dátapwá't waláng anó-anó'y may saráratíng na isáng sakunâ, isáng bagyó, na hindí galing ni dí sukat masangá nġ kamáy nġ nag-áalagà ni sukat makaya nġ katawán nġ tinurang halaman. Sa ganitó'y nabanġalán, nasalantâ, nabuwál at pag nagkátaó'y natuluyang namatáy. Panibagong suplíng at pagpapatubò na namán! Ah, talagáng naníniwalà akó na sa lupàng itó'y waláng dí may hangán! . . . Ibaling natin nġayón ang sálitáan sa kasaysayan nġ mġa bayan nġ *Edad antiqua* at *Edad media*. Hayàan na natin yaóng tinátawag na panahón sa mulá-mulá pa ó *Epoca prehistórica*. Ang ating alalahanin na lamang ay iyáng mġa kaharian sa Aprika at sa Europa, na palasak na sa pagkákilala nġ ating bayang mapagbasá nġ mġa awit at buhay-buhay. Yaóng Gresya, yaóng Kartago, yaóng Ehipto, yaóng Roma, yaóng Pransiya,

yaóng Espanya, ang boô nang Kaeurópahán, na inilálahad sa atin n̄g tinurang Sálaysayan, ay nan̄gagmulâ rin sa pagkabatà, sumiból at nan̄gagíng kasikatan. Ang karilagán nilá ay sumapít pa't nagkápatawid-tawid sa dagat-Mediterráneo, hangáng ká-dulu-duluhan n̄g Asya. At hangáng doón ba lamang! Násasabi pang sa m̄ga kapulûán mang násasabog sa karagatang-Pasípiko, ang m̄ga liwaywáy n̄g kaniláng dunong at ang lakás n̄g kaniláng m̄ga hukbó ay náwasiwas di't nakayaníg. Nakatawíd pa mandín hangáng kabilâng dulo n̄g Sangkalupàán: nátuklás nilá't nasakop ang Bagong-Daigdíg ó Amérika. Nang m̄ga kapanahunang yaó'y síno ang nakápag-akalà kayâ na silá'y dáratnán pa n̄g m̄ga kasaliwâáng-palad? Dátapwâ't hindí nan̄gápatan̄gí ang m̄ga tinurang bayan sa talagáng kapamuhayang tadhanà sa laháat n̄g bagay. Para-para siláng inabot n̄g katandáán, hinà at paglubóg; at kung may m̄ga nátitirá pa hangá n̄gayóng hindí náhahapay, ay mákikita rin natin balang araw sa m̄ga kukó ni Panahón ang kaniláng pagkakágutay-gutáy.

Huwág na ang m̄ga lumubóg na bayang yaón ang ating pagbalikán sa alaala. Huwág na nating ipakálayô ang pagkukurò. Sa m̄ga matatandâng bayang násabi, ay may iláng nan̄gagsísilagí pa hangá n̄gayón, n̄guni't sa pan̄galan na lamang. Ang m̄ga kapamuhayan nilá'y bagong-bago na; salamat sa m̄ga paghihimagsík, ilán sa kanilá'y m̄ga kasalukuyan pa rin n̄gayóng nábabanság. N̄guni't sipatin mo silá sa loób at huwág sa magdayàng labás. Mákikita mo ang kaniláng kabulukáng untî-untíng umúugnás sa katibayan nilá, katulad n̄g isáng simbahang nangyari sa lakí, karamihan n̄g m̄ga haligi'y kakaníng-anay at bukbukin. Ang Pransiya, na bumali sa katigasán n̄g *Edad media*, ay tignán mo kun sa anó náuuwí n̄gayón, pagkatapos n̄g kádakí-dakilàan niyáng Pagkakápaghimagsík na kilalá n̄g tanáng sa matunóg na tawag na "Revolución Francesa." Nagbubô siyá n̄g katakot-takot na dugô sa paggigibâ n̄g isáng kapangyarihang-hari, sa isáng pámunuáng bakal na kinátatanikalâán n̄g bayan. Nagkaroón siyá n̄g m̄ga Bayaning nagbalità, nagturò at nagtaguyod n̄g gayóng Pagbaban̄gong-puri. Mulá sa kamáy n̄g m̄ga hari (Rey), mulá sa kamáy n̄g m̄ga parè (Clero), ay nápalipat ang kapangyarihan sa gitná n̄g isáng Kapulungán n̄g m̄ga tunay nang Kinatawán n̄g bayang dating apí at nagtagumpáy sa pamamag-itan n̄g himagsík. Síno sa bayang yaóng nag-wagí ang dí nakásigáw n̄g *Mabuhay ang Repúblika!*? Lahát noó'y mayganáp at taimtím na pananalig na ang isáng pámunuáng republikano, ay siyáng paraáng tan̄gí ó kágaling-galin̄gang makatútubós sa kanyá sa laháat n̄g hirap. Noón ang salitáng *Repúblika* sa bibíg n̄g m̄ga pransés, ay sapat nang magkakahulugán n̄g *katwiran*,

*kalayaan* at *kaginhawahan*. Dátapwâ, katotong Felipe, masdán mo ang "República Francesa" ngayón. Pugad pa rin ng mga daíng, ng mga karálitâan, ng mga pagkakagutóm, ng mga samâ; kun sa bagay ay may isángdaá't labínglimá nang taón ang nakaráraán, mulâ sa Hímagsikang yaón. Nahan ang kaniláng pag-asa sa langit ng Repúblika? Dí ba't noóng araw ay walá siláng mambí-mambí at tagú-tagurí kundí ang kaaliwalasang waláng hangán ng isáng panahóng súsunód na waláng sala sa Rebolusyón? . . .

Nápatindíg sa pagkakáupô si Felipe. Pápalís-palís sa likuráng nápadaiti sa kinásandigáng punò ng kalasutse. Ang akalà ni Delfín, sa mga tanóng niyang kasásabi pa, ay sásagót ang kausap, kayâ kusàng pinutol ang pagsasalitâ, bagamán mayroón siyang mahahalagáng bagay na ibig pang ipahayag. Nguni't si Felipe'y hindí tumútugón bagkús nag-áantáy, sa anyô ng pagmumukhá, na magpatuloy pa ng salitâ si Felipe. Si Delfín, sa gayón, ay nagpatuloy ngâ. At ang tinukoy na bagay ay yaóng ináakalà niyang sukat sumaloób at ipaklí ng isáng pagkukuròng anarkista.

—Tunay—anyá—at dí maikákaít na dahil sa pagkakápaghimagsík na yaón ng mga pransés, ang Pransiya ay sumikat na dí kawasà; nagkaroón ng mga sinag na nakaliwaywáy sa Sangdaigdíg, at mulâ noó'y naging úliranín siyá ng mga bayang lugamí sa pagkabusabus. Utang sa "Revolución Francesa", noóng 1789, ang tinátawag na panġatlong gulang ng katauhang ná kikilala sa Istorya: ang *Edad moderna*. Utang sa kanyá ang mga pagkabagong dí sapalà na may isáng daáng taón na ngayón ng mga kapámuhayang dati ng mga bayan. Dapat ipagpasalamat sa kanyá ang marami sa lalòng malalakíng pagkásulong at kadakilàang nagpápatangí sa dalawáng hulíng siglong itó. Dátapwâ't hindí ko tinátawaran ang mga ganitóng kagálingang ibinúbunġa hanga ngayón ng Rebolusyóng násabi; gaya rin namán ng dí ko pagkakaít ng mga ganyán ding karapatán sa ganáng ating Paghihimagsík, sapúl niyóng 1896. Ang ibig kong ipaliwanag sa iyó'y ang urí sa Sosyalismo ng mga hímagsikang iyán. Ibig ko ring patibayan ang aking katwiran sa pag-aakalà na kung mátatág man ang isáng samaháng-tao na waláng pánġasiwàán man lamang, ay dáratnán din ang pagsasamaháng iyán, málao't mádalí, ng pagkatapos ó pagsamá. Mayroón at mayroóng magiging dahil, na kundí man mangagaling sa loób ng tinurang pagsasamahán, ay maáaring mangaling sa labás na dí abót ng lakás ng isip at kamáy ng mga tao. Ang kabuhayan ay waláng tigil na pagkilos. Sa oras na máhintô ang kilos na itó ay walá na ang tinurang buhay. Nguni't ang pagkilos ay hindí lagìng malakás. Lumálakás at humíhinà,

kayâ namán ang kabuhayan, ay sumísigla at umáagay. Sa tuntuning itó, ang m̃ga tao at ang m̃ga bayan man, ay hindi nálilingíd at nápapatangí. Dáraán siláng lahat sa guhit na iyán, paris ñg pagdaiting waláng-sala sa lupà ñg boóng kabilugan, itaás at ibabâ, ñg isáng gulóng na pumípihit. Kayâ ñgâ't hindi, ay kung nakahintô na, kundî na kumíkilos, sa bigláng sabi, kung patáy at taán na sa pagkabalók. Gaya ñg paglubóg na untí-untí ñg m̃ga bayang taga-Kanluran (Occidente), ang Amérika mang nañgúñgulo ngayón sa pagkátanyág, ay dáratnán, din ñg panahón ñg hapò, lálakad din nang pauróng, at hangáng pag dí na tumagál sa hapò, ay títigil, mabúbuwál at mawáwalán ñg hiningá. Ang nápapanahón at nárarapat namán ngayóng kumilos at untí-untí nang pumaibabaw, ay itóng dako natin, itóng Kasilañganang (Oriente) malaon nang totoóng nápapailaliman ñg bigát ñg Kalunuran. Tayo namán, sa dakong itó ang kíkilos na masigabó, at silá roó'y manganghíhinà. Mayroón nang isáng Hapón sa Dulong-Silañgan. May isá nang kálakí-lakihang pagwawagí ang m̃ga pinañganláng mababàng lahi, mababàng urì at kulay na dí putí, sa ibabaw ñg m̃ga nagsísipangalandakang matataás na lahi, matataás na urì at mapuputí. Anó ang malay natin kung itó namáng Pilipinas na ang súsunód sa Hapón, dañgâ't nabíbinbín pa hangá ngayón sa kamáy ñg isá sa m̃ga kasalukuyang bayang iyán na nañgagmámataás ñg urì:ang Estados Unidos. Málaman pa rin kun sa ati'y máuunang mangatawán sa pagkilos ang Sungóng ó Kainsikán, pagká't katulad ñg isáng dagatang hindi magaláw ang tubig, ñgunì't labis ñg kalaliman, ang m̃ga insík ay hindi pa sukat matarók ngayón ñg tandisan kung kailán bábalikwás at gúguhô sa m̃ga taga-Kalunuran ñg páñgatawanan. Maántáy rin natin ang Australya, ang pinakamalaking sa pulô sa Sandaigdíg, na kayâ lamang náiidlíp pa hangá ngayón, ay nakúkuha sa alo ñg iná-inahang Inglatera, at ang nangyáyari'y nagiging bayang-inglés na ang tinurang kapulúán, anopá't maypañganib ding mápatulad ang m̃ga katutubòng taga-roón sa m̃ga katutubòng indiyo sa Amérika, nang magsidagsá ang m̃ga hulíng sahón. Mágigising ding kasunód natin iyáng Kaindiyahan, na hangá ngayó'y pinatútulog sa kamulalàan ñg m̃ga mapagsamantaláng taga-Europa. At kung magkásunód-sunód na ang m̃ga pangyayaring iyán, kung magkáka tagní-tagní na ang m̃ga loób ñg madláng tagá-dakong Silañgan, kung magkágaya-gaya na sa pagkilos. . . . ay siyáng pagkatupád namán ñg tadhanà ñg panahón sa kabuhayan ñg m̃ga lahing dating na sa ilalim upáng siyá namáng mangápasa ibabaw. Hindi akó manghuhulà, Felipe; at ipinagtátapát ko sa iyóng ang aking isip ay dahóp na dahóp pa ngayón sa m̃ga kailañgang dunong upáng mapagkurò-kurò na ñg ganyán. Dátapwá't

para mo nang nákita ang aking m̃ga sinabi, sapagká't ang pinangháhawakan ko'y kung may nangyari nang m̃ga dí sukat mangyari, ay mangyáyari rin namáng lalò ang m̃ga sukat mangyari. . . Ngayón, pag-isíp-isipin natin, kun ang sinásabi ñg maykathá ñg *La Sociedad Futura* na ang totóhanang REVOLUCIÓN SOCIAL ay nangáñgailañgan ñg isáng laganap na pagkakáhandá ñg m̃ga bayan, ay maáaring matupád na kun sa m̃ga panahón lamang na itó. Birò-birò mong panahón ang kakáilañganin natin upáng ang m̃ga bayan sa Silañganan ay mangaging Pransiya nang 1789! Huwág na ang silá'y makaabót pa sa m̃ga kasalukuyang lagáy ngayón ñg m̃ga bayang europeo, na salamat sa m̃ga kalayàan ñg pag-iisip at pamamahayag, ay nakalálaganap na mabuti ang m̃ga pagkukuròng sosyalista-anarkista; kundí ang mangápatulóy na lamang sa isáng paghihimagsík laban sa kaní-kaniláng pámunuáng dayo at mapanglupig, ó sa m̃ga pámunuán mang sarili'y dí mapagpalayà, ang ganitó lamang ay nangáñgailañgan na ñg panahóng dí kákauntí.

—Abá!—ang sa katagalán ñg dí pag-imík ay náisagót ni Felipe —at mápapadalí ba ang pagkilos ñg m̃ga bayang-Silañganan kung waláng mangagpápasimulá at magbíbigáy-halimbawà sa kaniláng isáng bayang dito rin?

—Oo, kailañgan na ang pasimulá, kailañgan na ang halimbawà. Ang katungkulang itó ay maáaring máibunsód nating m̃ga pilipino, gaya ñg pagpapásimunò ñg m̃ga hapón sa pagtabóy sa m̃ga kapangyarihang dayo at namúmugad sa m̃ga lupàng-Kasilañganan. Sa Hapón ang Sosyalismo ay waláng gaanóng ugát pa. At sa akalà ko'y may kalayùáng lumagò agád dahil sa m̃ga katañgian ñg pag-uugalì at pananampalataya ñg m̃ga taga-roón. Lalò na ang m̃ga adhiká ñg isáng sosyalista-anarkista, doón ay waláng maraming kaloobang kápupunlâán at yáyabuñgan. Ang boóng kapalaran at pag-aakalà ñg hapón, ay náasalig sa pagkilalang parang Diyós sa kanyáng Emperador. Lahát doó'y ginágawâ nilá at ipinatútungkól sa Emperador. Ang ilán mang buhay nilá'y iniháhandóg ñg pikít-matá sa paglilingkód at pagbubunyí sa Emperador. Ang ganitó'y nálalaman mo nang saluñgát na saluñgát sa m̃ga layon at paraán ñg Anarkismo. Kinapópootán ñg m̃ga anarkista ang lahat ñg pámunuán, bagay na ikinátawag sa kaniláng layon ñg *anarkiyá* (ANARQUIA: *sin gobierno*: waláng pámunuán: waláng kapangyarihan). Samantalang ang m̃ga hapón ay panalig na utang nilá ang lahat halos sa Emperador ó sa Pámunuán. Dito sa atin ay hindi ganyán ang pag-aakalà ñg lalòng m̃ga hañgál mang taong-bayan. Lalò na ngayón, ay laganap na ang pananalig—salamat sa m̃ga aral ñg *Kátaás-taasa't Kagalang-galang na Katipunan ñg mga*

*Anák ng Bayan*, na ang m̄ga tao'y dapat magká pantáy-pantáy sa urì; na ang m̄ga kayamanang nabí bimbín sa kamáy ng ilán, ay dapat mapag-ayaw-ayaw at pakinabangán ng lahát; na ang m̄ga pinunò'y taga-ganáp lamang ng kalooban ng bayan; na ang m̄ga mangagawà'y dapat magtamó ng buông pakinabang na náuukol sa kaniláng pinagpagalán. Dito sa ati'y mayroón na ngayón ng m̄ga ganyáng balitá ng bagong-panahón. Kung bagá sa bukid, ay may m̄ga lináng nang pitak na mapag-hahasikán ng binhí. Sa bagay na iyán, kasama, ay iyó nang mapagháhangò ang m̄ga katwiran kong pinangháhawakan, sa bukód sa pagkahilig ko sa pag-aaral at pagtalima sa m̄ga aral ng isáng Sosyalismong ayon at bagay muna sa panahóng itó, ay nakíkisama rin namán akó sa m̄ga bálalang pagkilos ng ating bayan tungkól sa *polítika* ngayón at ibá pang m̄ga kasalukuyang súliraníng-bayan natin. Ang alinmáng pátakarán at adhiká ng Sosyalismo ay hindí makapag-úgát at búbulas, sa lawak ng isáng lupàng napápatawan ng isáng kapangyarihang dayo. Sa m̄ga lupàng *kolonya* ay saliwá at bansót ang tubò ng m̄ga sangá at bunģa ng isáng pángasiwáng sosyalista. At lalòng-lalò na ang sa isáng samaháng-anarkista. Kailanģan muna natin ang sariling buhay, isáng sariling pamamanihalà sa ating pamamayan. Kung mátamó na itó, ay saká natin pagsikapang magíng *Estado-Sosyalista* ang Sangkapulúang *Repúblika*. Bago ang panukalà mo. Sa akin, kaibigang Felipe, bagamán pinánģanģanlán mo akóng waláng dí kinákikitán ng kasamán (*pesimista*), patí sa m̄ga iníbig kong paraán at lagáy ng m̄ga pagsasamaháng-tao, at patí sa ibinábalitá ng m̄ga anarkistang lalòng pantás sa atin, na dakiláng pagsasama sa dáratíng na panahón (*Sociedad Futura*), sa akin, inúlit ko sa iyó, ay hindí kapit ang pamagát na iyán (*pesimista*); sapagká't kung pagtútuusí'y waláng hindí mabuti sa akin, nguni't hindí rin namán akó nánayag na tawaging *optimista*. Ang lahát ng nangyáyari ngayó'y ipinalálagáy kong anak ng m̄ga nangyari kahapon at ang lahát ng m̄ga mangyáyari bukas ay apó ng kahapon at anak ng ngayón. Sa bagay na itó, sa masamá ó sa magalíng ang lahát ng m̄ga nangyari, nangyáyari at mangyáyaring iyán, ay pawàng hindí maíwasan, ayon ó laban sa kalooban ng m̄ga taong kapanahón ng pangyayari.

Nasa sa m̄ga bayani at nasa sa m̄ga bayan ang ikinadadalí ó ikinalúluwát ng m̄ga pangyayari. Ang isip, kalooban at m̄ga damdamin ng tao ay siyáng nagbíbigáy ng urì at landás sa talagáng tumpahin ng pagsasamahán. Kung anó ang buti at lakás ng isip, kalooban at m̄ga damdaming iyán, ay siyáng tatág at bilís ng pagsapit sa tinurang tumpahin ng Sangkatauhan. Dátapwá, ang lahát ay ináakalà kong hindí makúkuha sa biglân:

sápilitáng dáraán muna sa m̄ga bay-baytang na tadhanà n̄g m̄ga panahón ó katalagahán. Máuunang mangyari ang m̄ga sukat máuna, gaya n̄g pagkáunáng lumagpák n̄g mabibigát. Súsunód ang m̄ga sukat sumunód, gaya n̄g pagkáhulí-hulí n̄g kauntí n̄g m̄ga dí na lubhâng kábigatan. At sakâ dárating ang m̄ga sukat pumatong sa nan̄gáuna, gaya n̄g hulíng pagbabâ n̄g m̄ga pinaka-magagaán. Anopá't ang *matandáng-bayan* na totoó nang mabigát, ay sápilitáng gúguhô. Háhalili ang *kabinataang-bayan* na ngayón pa'y may m̄ga banaag na saá't saán man. At sakâ súsunód ang *kabataang-bayan* na walâ pang gaanong lakás sa ngayón, at nag-áantáy pa n̄g pagsikat n̄g ganáng kanyáng araw...

—Kailán pa! kailán pa!—ang pahimutók na náitugón ni Felipe.

Sa gayó'y siyáng paglapit na sa kanilá n̄g taga-ingat-susi n̄g Líbingan, na mayhalò nang yamót:

—M̄ga pare, gabí na pô tayo!

Nápagulilat halos ang dalawáng pinagsabihan. At pagkahagis kapwà n̄g tig-isáng tingíng makahulugán sa násisinág pang líbingan ni Don Ramón, ay namutawi kay Delfín ang m̄ga wikàng:

—Gabí na n̄gâ namán palá, kasama....

At parang pinagtiyáp ang kalooban at bibíg niláng dalawá ay sabáy nan̄gagpahimakás n̄g:

—Tayo na: iwan nati't palipasin ang Dilím n̄g Gabí.....

